Name: Nico R. Armijo
District: Lupon West
School: Lupon National Comprehensive High School
Event: Pagsulat ng Isports

1st (first)
C.J. Indy

NO. ____________
DATE ____________

# Mexico, nakaungos laban sa Cuba

Nakaalpas mula sa malamyang simula ang Mexico matapos nitong gulantangin ang Cuba, 6-4, sa 2024 Little League World Series sa Volunteer Stadium, noong Agosto 20, 2024.

Matapos pinaikot ng Cuba ang Mexico sa unang bahagi ng bakbakan para sa maagang 4-1 kalamangan, unti-unting tinuldukan ng Mexico ang rumaragasang opensa ng kalaban. Rumesponde agad ang Mexico upang itabla ang laro sa 4-4, bago tuluyang ipakita ang dominasyong selyuhan ang 6-4 na panalo.

Umoariba para sa Mexico si Antonio Guerrero nang magpakawala ng isang krusyal na three-run-home na siyang nagtabla sa iskor. Hindi pa doon nagtapos ang ratsada dahil muling bumwelta si Ulises Ortiz na nagpaulan ng isang naglalagablab na two-run-walk-off home run upang tuluyang tapusin ang laban.

Una nang nabaon sa matinding kumunoy ang Mexico matapos diktahan ng Cuba ang ritmo sa unang bahagi ng laro, kung saan lumamang ang huli, 4-1 na pansamantalang nagpawala ng sigla sa koponang Mexico.

Ang pambihirang ratsadang ito sa dulo ng laro ang muling nagpatunay na walang maagang sumusuko sa nagbabagang tagisan ng lakas sa Little League World Series.

2nd (second) G.g. Frdy.

DATE

Mexico, Lumungkit ng Panalo Kontra Cuba

Hindi sumuko ang Mexico matapos nilang talunin ang Cuba, 6-4 sa isang dikitang elimination game sa 2024 Little League World Series.

Naging mahalaga ang mga palo nina Antonio Guerrero at Ulises Ortiz sa huling inning. Tumama si Guerrero ng three-run home run para itabla ang laro, habang nagbigay naman si Ortiz ng dalawang runs para sa panalo ng Mexico.

"Ang mahalaga ay nagpatuloy kami hanggang sa huling pagkakataon," ani Guerrero matapos ang kanilang comeback.

Maagang nakalamang ang Cuba at nahirapan ang Mexico na makakuha ng mga puntos. Gayunpaman, patuloy itong naghanap ng pagkakataon upang makahabol sa iskor.

Dumating ang malaking pagbabago sa ikaanim na inning nang tumama si Guerrero ng three-run homer para gawing 4-4 ang laro. Hindi pa rito nagtapos ang pag-atake ng Mexico dahil sinundan ito ng panalong palo ni Ortiz.

Nakapagtala ang Cuba ng apat na runs bago ang huling inning, na nagbigay sa kanila ng 4-1 kalamangan. Ngunit hindi nila napigilan ang biglang pag-init ng opensa ng Mexico.

Sa kabila ng pagkatalo, naging magandang bahagi ng laro para sa Cuba ang kanilang maagang paghawak sa kalamangan. Naging matatag din ang kanilang depensa at napigilan nila ang Mexico sa unang bahagi ng laban.

"Lumaban kami hanggang sa huli at ginawa namin ang aming makakaya," pahayag ng panig ng Cuba matapos ang kanilang pagkatalo.

Sa huli, ipinakita ng Mexico ang determinasyong hindi sumuko kahit malaki ang lamang ng kalaban. Ang kanilang limang runs sa huling inning ang nagbigay sa kanila ng panalo at pagkakataong magpatuloy sa torneo.

VALIANT

RACQUEL B. ESPIRITU
SAN ISIDRO NORTH

4th (forth)
S.G.I.G.

DATE ____________

MANIKA NG MEXICO

Mexico nalraos ang early struggle sa Little Leque Baseball, Guerero bida sa comeback

Hindi kung paano nagsimula, kundi paano nagtapos ang laban.

Mula sa maagang pagkalugmok, gumawa ng milagro ang mexico sa Little Logue Baseball, 6-4 laban sa maagang puntos ng Cuba sa Governor Generoso, ngayon.

Nagpakitang gilas ang Cuba na si Hernandez sa unang inning ngunit nanatiling palaban ang mexico sa pamamagitan ng depensa at at krusyal na play ni Antonio Guerero.

"QR"

Kapanapanabik ang tagpo ng laro dahil sa hataw ni Guerero sa kanyang at ibinida ang home run. Sinundan pa ito ng huling play ni Ortiz at tuluyang di na makabangon ang Cuba.

"QR"

Naging palaban man ang cuba ngunit di kayang ungusan ang lakas ng Mexico

A.1 #

C. MAINTANG
CAMARA SOUTH DISTRICT - BALOTE ES

5th (fifth) 6.9.2024.

Mexico, binagsak ang Cuba; sinungkit ang panalo sa LLWs elimination Game

BUMANGON mula sa apat na puntos na pagkakatapon ng Mexico matapos nitong pait liking palubugin ang Cuba, 6-4, sa pamamagitan ng isang makasaysayang walk-off home run sa huling yugto ng 2024 Little League World Series (LLWS) elimination game noong Martes.

Ibuhos ng Mexico ang kanyang buong lakas sa huling bahagi ng ikaanim na inning sa pamamagitan ng dalawang krusyal na home run nina Antonio Guerero at Ulisses Ortiz upang baligtarin ang bentahe ng Cuba at tuluyang tapusin ang pag-asa ng katunggali. WHO?

"Inisip lang namin na huwag bibitaw sa bawat pitch. Sabi namin sa aming sarili hanggat may natitira pang pagkakataon, may pag-asa pa ring manalo" ani Guererro matapos ang kaniyang krusyal na paluan.

Nagiing susi sa panalo ng Mexico ang kanyang agresibong pagbawi sa ikaanim na inning kung saan nagpakawala muna si Guererro ng isang matinding game-typing solo homerun sa left field upang itabla ang laban sa 4-4 at bawiin ang buong momentum ng laro.

Pinaigting pa ng koponan ng Mexico ang kanilang atake sa mismong huling palitan nang pakawalan ni Ulisses Ortiz ang isang dalawang-puntos na walk-home run papuntang left field upang tuluyang itatak ang makapigil-hiningang 6-4 na panalo

"Ginawa ng aming mga bata ang lahat ng kanilang makakaya at ipinagmamalaki namin ang aming ipinakitang laban. Babawi at magpapatuloy kami sa susunod na pagkakataon" pahayag ng tagapagsanay ng Cuba matapos ang laro.

Dahil sa makasaysayang tagumpay na ito, nananatiling buhay ang pag-asa ng Mexico sa torneo upang magpatuloy sa susunod na antas ng paligsahan, habang tuluyan namang nagwakas ang kampanya ng Cuba sa LLWs.